Mga Madalas na Katanungan tungkol sa Hepatitis C

Frequently Asked Questions about Hepatitis C

TAGALOG

Hepatitis Education Canada

Ano ang hepatitis C?



Ang hepatitis C ay isang virus na maaaring magdulot ng pinsala sa atay.

Ang virus na ito ay pangkaraniwan sa mga bansa sa Timog Silangan ng Asya tulad ng Pilipinas.

What is hepatitis C?

Hepatitis C is a virus that can cause damage to the liver.
The virus is common in Southeast Asian countries such as the Philippines.

Paano kumakalat ang hepatitis C?

Kumakalat ang virus ng hepatitis C sa pamamagitan ng

Paglalapat ng dugo sa dugong may impeksiyon ng hepatitis C.

Para sa mga bansa sa Timog Silangan ng Asya kabilang ang Pilipinas, kadalasan itong nangyayari sa pamamagitan ng mapanganib na pag-uulit ng mga kagamitan tulad ng

- gamit sa panggagamot (hiringgilya o syringe)
- gamit sa pag-oopera (blade o scalpel)
- gamit ng dentista

How is hepatitis C spread?

The hepatitis C virus is spread when there is
blood-to-blood contact with a person who has hepatitis C.
This happens most often in Southeast Asian countries like the Philippines through the unsafe reuse of:

- treatment equipment, syringes, scalpels, and dental tools

Sa Canada, ang Hepatitis C ay kadalasang kumakalat sa pamamagitan ng:

- pagpapasa-pasa ng mga kagamitang pang-iniksiyon tulad ng mga karayom at hiringgilya



- pagpapasa-pasa ng kagamitan sa pagsinghot ng droga

In Canada, hepatitis C is most often spread by:

- sharing injection equipment such as needles and syringes
- sharing drug snorting equipment

Minsan, maaari ring maipasa ang hepatitis C sa pamamagitan ng:

- Paglalagay ng hikaw sa katawan o pagpapatattoo
- Pagtatalik na walang proteksiyon (kung saan mayroong kontak sa dugo):
  - Sa pagitan ng lalaki at babae
  - Sa pagitan ng parehong lalaki
  - Marahas na pagtatalik tulad ng rape

  (mas mataas ang panganib na mahawa kung mayroon ding ibang sexually transmitted disease (STD) tulad ng HIV)
- Aksidenteng pagkatusok ng karayom na ginamit na (halimbawa: panghihiram ng glucometer sa taong may diabetes upang suriin ang iyong blood sugar)
- Pagpasa ng isang inang may hepatitis C sa bagong panganak niyang sanggol

Hepatitis C can sometimes be passed by:

• piercing or tattooing • unprotected sex (where there is blood): between men & women; between men & men; during sexual assault (risk is higher where there are other sexually transmitted diseases like HIV) • accidently being poked with a used needle (e.g., borrowing another person's diabetes glucose meter to test your blood sugar)
• a mother passing it to her newborn infant

Hindi naipapasa ang hepatitis C sa pamamagitan ng:



- tubig
- pagkain

O sa pamamagitan ng pang-araw-araw na gawain tulad na:

- pagyakap
- paghalik
- panghihiram ng damit o mga gamit sa pagkain
- pag-ubo

Hepatitis C is not passed by:

• water • food

Or through day to day activities like:

• hugging • kissing • sharing dishes or clothes • coughing

Mayroon bang mga sintomas mula sa Hepatitis C?

Sa simula, ang karamihan ng tao ay wala o may kaunting nararamdaman, subali't…

Are there symptoms from hepatitis C?
At first, most people will have no or few symptoms, but…

… sa paglipas ng panahon, maaaring makaranas ng mga sintomas tulad ng:

- pagkapagod
- sakit ng kalamnan
- sakit ng kasu-kasuan
- sakit ng ulo
- pangangati ng balat
- sakit ng tiyan

- matinding pagkalungkot
- matinding pagkanerbiyos
- "brain fog" (hirap sa pag-focus at hirap sa pag-aalala ng mga bagay)

… over time some develop symptoms such as

• feeling tired • muscle pain • joint pain • headaches • itchy skin
• abdominal pain • depression • anxiety • "brain fog" (having a hard time concentrating and/or remembering)

Ang hepatitis C ba ay isang sentensya ng kamatayan?

Hindi. Karamihan ng mga taong nagkakaroon ng hepatitis C ay hindi namamatay dahil dito. Subali't sa paglipas ng panahon, ang ilan ay maaaring magkaroon ng:

- cirrhosis (nagpepeklat ang atay at hindi na ito gumagana ng maayos)
- kanser sa atay
- tuluyang pagkasira ng atay na maaaring mangailangan ng liver transplant

Ang Proseso ng pamiminsala sa Atay

Is hepatitis C a death sentence?

No. Most people who get hep C do not die from it. But, over a long period of time, some will develop:

- cirrhosis (the liver gets scarred and doesn't work properly)
- liver cancer
- or may need a liver transplant

Napapabilis ba ng pag-inom ng alak ang pinsalang dulot ng hepatitis C?

Oo. Kahit kaunting alak lamang ay maaaring makadagdag sa panganib ng pinsala sa atay kapag ikaw ay may hepatitis C.

Does alcohol speed up liver damage from hepatitis C?
Yes. Even small amounts of alcohol can increase the risk of liver damage when you have hepatitis C.

Kailangan bang magpatingin ang pasyenteng may hepatitis C sa espesiyalista kahit na wala siyang nararamdaman?

Oo, kada-anim o labindalawang buwan! (every 6 o 12 months!)

Kahit na walang nararamdamang sintomas, maaari pa ring nagdudulot ng pinsala sa atay ang hepatitis C.

Do people with hep C need to see a provider even if they feel fine?
Yes, every 6 to 12 months!
Even if a person feels well and has no symptoms, hep C can still be damaging their liver.

Kailan sinusuri kung gaano karami ang virus sa dugo ng isang tao?

Ginagawa ng mga tagapangalaga ng kalusugan ang blood test na ito kung kinakailangang:

- malaman kung may impeksiyon ng hepatitis C
- subaybayan kung gumagana ang gamot

When do providers check how much virus is in a person's blood?
Health care providers will do this blood test when they need to:
• diagnose a hepatitis C infection • check if treatment is working

Ang ibig sabihin ba ng ‘normal’ na ALT level ay normal ang atay o walang pinsala ang atay?



Oo at hindi. Karaniwang tumataas at bumababa ang ALT level.

Minsan, maaaring may normal na level kahit pa may pinsala na sa atay

Do ‘normal’ ALT levels mean a normal liver, or no liver damage?
Yes and no. It is common for ALT levels to go up and down.
Sometimes normal levels occur when the liver is damaged.

Dahil maaaring magkaroon ng pinsala sa atay kahit pa normal ang ALT levels…

…maaaring irekomenda ng mga tagapangalaga ng kalusagan ang mga pagsusuri upang makita kung mayroong pinsala sa atay.

Kabilang sa mga pagsusuring ito ay:

- pagsusuri sa katawan (physical exam)
- pagsusuri sa dugo (blood test)
- Fibroscan® (pag-scan sa atay mula sa labas ng katawan, hindi masakit)

Iba't-ibang pagsusuri ang ginagamit sa iba't-ibang panahon.

Since it is possible to have liver damage even if ALT levels are normal… health care providers will recommend tests to check for liver damage. Tests for liver damage can include:
• a physical exam • blood tests • a Fibroscan® (external and painless)
Different tests are used at different times.

Maaari bang mapagaling ang hepatitis C?

Oo! 9 sa 10 pasyente na uminom ng mga bagong gamot na tabletas ay gumagaling kapag nakumpleto ang gamutan.

Can hepatitis C be cured?
Yes! New pill-only medications can cure about 9 out of 10 people who complete treatment.

Maaari bang magpagamot ang mga taong umiinom ng alak o di kaya'y gumagamit ng droga?

Oo! Subali't dapat muna silang magpa-refer sa isang espesiyalista na may kaalaman sa paggamot ng mga taong may adiksyon.

Ang mga tagapangalagang ito ay magbabahagi sa kanila ng plano upang mai-angkop sa kanilang buhay ang paggamot ng hepatitis C.

Can people who are using alcohol or illicit drugs get treatment?
Yes! But they should ask to be referred to a provider who has experience working with people who have addictions. These providers will work with the person to discuss and develop a plan to help them fit treatment into their life

Makakakuha din ba ng gamot sa Hepatitis C ang mga taong may iba pang kalagayan tulad ng hepatitis B o diabetes ?

Oo! Mahalagang talakayin ang lahat ng iyong isyung pangkalusugan sa tagapangalaga ng iyong kalusugan.

Can people with hepatitis C who also have other diseases, like hepatitis B or diabetes, get hepatitis C treatment?

Yes! It's important to discuss all your health issues with your health care provider.

Mayroon bang mga side effects mula sa hepatitis C antiviral treatment?

May ilang tao na maaaring makaranas ng side-effects, subali't karamihan dito ay malumanay lamang tulad ng:

- sakit ng ulo
- pagkapagod
- panghihina



Kausapin ang iyong tagapangalaga ng kalusugan kung papaano maiibsan at magagamot ang mga side-effects.

Are there side effects from hepatitis C antiviral treatment?

Some people have side-effects, but most of these are mild, and may include:

• headaches • tiredness • weakness

Talk with your health care provider about how to manage treatment side effects.

Ang mga **sintomas** ng hepatitis C at ang **side-effects** ng paggamot ay maaaring mag-iba depende sa tao. May ilan, na depende sa panahon, ay maaaring mangailangan ng suporta mula sa tagapangalaga ng kanilang kalusugan, mula sa pamilya, kaibigan o kakilala.

The **symptoms** of hepatitis C and the **side-effects** of treatment can be different for each person. Some people will, at times, need support from health care providers, family, friends, or peers.

Ang mga impormasyong ito ay ginawa ng Hepatitis Education Canada sa pakikipagtulungan sa CATIE. Hindi ito magiging posible kung hindi dahil sa mga mahahalagang kontribusyon ng mga inidbidwal na apektado ng hepatitis C at ng mga tagapagbahagi ng serbisyong pangkalusugan sa Canada. Nais na kilalanin ng CATIE ang suporta mula sa mga programa ng AIDS at Hepatitis C at ng Kagawaran ng Kalusugan at Pangmatagalang Pag-aalaga sa Ontario (Ontario Ministry of Health and long-Term Care)*.

Para sa karagdagang impormasyon

Bisitahin ang: www.hepatitiseducation.ca

O mag- e-mail: info@hepatitiseducation.ca

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa booklet na ito ay maaaring hindi kumakatawan sa mga pananaw ng Ontario Ministry of Health and Long-Term Care.

Copyright © 2016 Hepatitis Education Canada. Ang gawaing ito ay maaaring kopyahin at ipamahagi para sa pang-edukasyon at hindi pang-komersyal na paggamit sa kundisyong lahat ng kopya ay naglalaman ng mga sumusunod na pahayag:

© 2016 Hepatitis Education Canada. Ang booklet na ito ay muling ginawa na may pahintulot mula sa Hepatitis Education Canada.

Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang hepatitiseducation.ca

This resource was created by Hepatitis Education Canada in partnership with CATIE. It would not have been possible without the valuable contributions from individuals affected by hepatitis C and service providers across Canada. CATIE would like to acknowledge support from the AIDS and Hepatitis C Programs, Ontario Ministry of Health and Long-Term Care*.

For more information visit: www.hepatitiseducation.ca or e-mail: info@hepatitiseducation.ca

*The views expressed in this booklet do not necessarily represent the views of the Ontario Ministry of Health and Long-Term Care."

Copyright © 2016 Hepatitis Education Canada. This work may be reproduced and redistributed for educational, non-commercial use, provided all copies contain the following statement: "© 2016 Hepatitis Education Canada. This work was reproduced with permission from Hepatitis Education Canada." For more details visit **hepatitiseducation.ca**

Hepatitis Education Canada